# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

# ARALING PANLIPUNAN I



## MODYUL 12
## ANG PANANAKOP NG MGA AMERIKANO

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 12**

**ANG PANANAKOP NG MGA AMERIKANO**

Ang modyul na ito ay naglalahad ng mga pangyayari hinggil sa tuwirang pagsisimula ng alitan sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano na pinagsimulan ng digmaang Pilipino-Amerikano. Isa itong malawakang digmaan na tumagal nang mahigit sa dalawang taon. Dahil sa mga makabagong armas at kasanayan sa pakikihamok ng mga sundalong Amerikano, madaling nagapi ang mga rebolusyunaryo. Nakubkob at napasailalim ang Pilipinas sa panibagong mananakop: ang bansang Amerika. Sa ilalim ng patakarang Benebolenteng Asimilasyon, iba't ibang patakaran ang pinagtibay ng Pamahalaang Amerikano upang hadlangan ang Nasyonalismong Pilipino. Nagdulot ng maraming pagbabago ang mga patakarang ipinatupad ng bagong pamahalaang Amerikano sa lipunang Pilipino. May mga Pilipinong nasiyahan, ngunit hindi lahat ng mga Pilipino ay natuwa sa pamamaraan ng pananakop ng mga Amerikano. Nagkaroon din ng mga Kilusang Mesianiko na lumaban sa kanilang mga pamamalakad. Ang lahat ng iyanay liliwanagin sa moyul na ito. Marahil ay handang handa ka na.

May anim na aralin sa modyul na ito:

- Aralin 1. Ang Putok na Nagpasiklab ng Alitan sa Pagitan ng mga Pilipino at Amerikano
- Aralin 2. Ang Paghadlang sa Nasyonalismong Pilipino
- Aralin 3. Pilipinisasyon Tungo sa Pamahalaang Nagsasarili
- Aralin 4. Mga Patakaran at Pagbabagong Pangkabuhayan
- Aralin 5. Mga Panlipunang Pagbabago
- Aralin 6. Mga Kilusang Mesianiko Laban sa mga Amerikano

Inaasahang pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito ay iyong:

1. Ipaliliwanag ang pinagmulan ng alitang Pilipino at Amerikano;
2. Maipamamalas ang masusing pagsusuri sa mga pangyayari at patakarang sumupil sa Nasyonalismong Pilipino;
3. Mabibigyan ng pagpapahalaga ang patakarang Pilipinisasyon at pamahalaang pagsasarili na ipinatupad ng mga Amerikano;
4. Masusuri ang mga naging impluwensya ng mga patakarang ipinatupad ng mga Amerikano sa pangkabuhayan at lipunang Pilipino; at
5. Mabibigyang halaga ang mga inilunsad na Kilusang Mesianiko ng mga Pilipino laban sa mga Amerikano.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Subukang sagutin ang mga sumusunod na katanungan at alamin kung gaano mo kaalam ang mga pangyayari sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano.

A. Basahin at suriin ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang Tama o Mali sa bawat patlang.

_________1. Ang interes ng Amerikano sa Pilipinas ay itinago sa patakarang malayang kalakalan.

_________ 2. Relihiyon ang pinakamahalagang institusyon sa ilalim ng pamamahala ng mga Amerikano.

_________3. Pamahalaang militar ang unang pamahalaang itinatag ng mga Amerikano sa Pilipinas.

_________4. Napalawak ng edukasyong Amerikano ang tradisyunal na papel ng kababaihan sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa pangangalaga ng bahay at pamilya.

_________5. Ang Unang Komisyong Pilipino na inatasan ni Pangulong McKinley na mag-imbestiga sa kalagayan ng Pilipinas ay nagbigay ng kapaki-pakinabang na rekomendasyon tungo sa ikagagaling nito.

__________6. Ang mga patakarang pangkabuhayan na ipinatupad ng mga Amerikano ay naging daan ng pagbubukas ng pamilihang Pilipino sa ibang bansa sa mundo.

__________7. Ang Batas Torrens ay nag-alis ng karapatan sa mga katutubong Pilipino na linangin ang sariling lupain.

__________8. Ang patakarang agraryo na ipinatupad ng mga Amerikano ay naging daan sa pagbili at pamamahagi ng mga dating lupang pag-aari ng mga Kastilang Prayle.

__________9. Ang *Parity Rights* ay kasunduang nabuo sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano na nagbigay ng karapatan sa mga Amerikano upang linangin ang ating mga likas na yaman.

_________10. Ang patakarang Benebolenteng Asimilasyon ay nagsasaad ng tunay na pagtulong at paggabay ng mga Amerikano sa mga Pilipino.

B. Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari batay sa panahon ng pangyayari. Simulan sa bilang 1.

________a. Pagtatatag ng mga Kilusang Mesianiko
________b. Unang Komisyon sa Pilipinas
________c. *Philippine Organic Act* ng 1902
________d. Paghadlang sa mga Nasyonalistikong Pamamahayag at Literatura
________e. Patakarang Benebolenteng Asimilasyon
________f. Ikalawang Komisyon sa Pilipinas
________g. Patakarang Pilipinisasyon
________h. *Public Land Act*
________i. *Payne Aldrich Act*
________j. *Underwood-Simmons Act*
________k. Insidente sa Santol, Sampaloc
________l. Pagtatatag ng desentralisadong komando ng mga gerilya
________m. Pagkadakip kay Heneral Aguinaldo sa Palanan, isabela
________n. Pagtatatag ng Pamahalaang Sibil
________o. Pagtatatag ng Pamahalaang Militar

**ARALIN 1**

## ANG PUTOK NA NAGPASIKLAB SA DIGMAANG PILIPINO AT AMERIKANO

Ang digmaang Pilipino at Amerikano ay nagsimula noong gabi ng ika-4 ng Pebrero, 1899. Ito'y nangyari matapos makapatay ng tatlong Pilipinong sundalo ang dalawang boluntaryong Amerikano na nagpapatrulya sa Calle Santol, Maynila. Humigit kumulang na dalawang taon ang itinagal ng digmaan. Handa ka na bang tuklasin ang mga pangyayaring nagpasiklab sa digmaang ito?

Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang pinagsimulan ng Digmaang Pilipino at Amerikano;
2. Matutunton sa mapa ng Pilipinas ang mga lugar na pinangyarihan ng digmaan sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano; at
3. Makapagbibigay ng sariling pananaw ukol sa mga karikatura ng Digmaang Pilipino at Amerikano.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Masdan ang larawan at suriin ang ipinahihiwatig nito hinggil sa pagsisimula ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas. Ano ang iyong naramdaman?



Pinagkunan: www.los-indios-bravos.com

**Ang Pinagsimulan ng Digmaang Pilipino-Amerikano**

Sa Modyul 11, sinuri mo ang interes at pamamaraan ng mga Amerikano sa pananakop sa Pilipinas bunga ng Tratado ng Paris. Matatandaan na habang malapit nang makubkob ng mga rebolusyonaryong Pilipino ang mga Kastila sa Intramuros, nagsidaong ang mga sundalong Amerikano sa baybayin ng Maynila. Noong Agosto 13, 1898, nagkaroon ng labanan di-umano sa pagitan ng mga Espanyol at Amerikano. Nang matalo ang mga Espanyol, nahalinhan ng bandila ng Amerikano ang bandila ng Espanya.

Dahilan sa patuloy na pakikipag-usap ni Hen. Emilio Aguinaldo sa mga opisyal na Amerikano, sa simula'y walang tuwirang pakikipaglaban sa pagitan ng Pilipino at Amerikano. Ang mga kawal Amerikano ay may utos na huwag babaril kung hindi naman sila direktang pinapuputukan ng mga Pilipino. Ngunit noong Pebrero 4, 1899, isang boluntaryong sundalo na taga-Nebraska, Estados Unidos, na nagngangalang William W. Grayson, ang unang nagpaputok ng baril. Ito ang pagsisimula ng mahigit na dalawang taong digmaan ng mga Pilipino at Amerikano. Nangyari ito sa Bantayan *(Outpost)* Blg. 2 sa Calle Santol, sa pagitan ng Ramon Magsaysay Blvd. at Calle Sta. Mesa na ngayon ay kilala bilang Old Sta. Mesa.

Batay sa estatistika, tinatayang 126,000 na sundalong Amerikano ang nakabilang sa nabanggit na digmaan, at 4,234 na mga sundalong Amerikano at 16,000 sundalong Pilipino naman ang nangasawi.

Ipinakita ng mga Pilipinong sundalo ang kanilang katapangan. Kahit sa pakikidigma mga lumang riple, bolo at mga anting-anting lamang ang kanilang gamit ay hinarap nila ng buong giting ang mga Amerikanong sundalo. Ninais sana ng Pamahalaang Aguinaldo sa tulong ni Pedro Paterno na pigilin ang lumalaganap na labanan. Nagmungkahi sila ng pakikipag-usap kay Gobernador Heneral Elwell Otis, ang Amerikanong gobernador militar sa Pilipinas, ngunit ito'y tumanggi. Sa ilalim ni Gob. Heneral Otis, naitatag ang pamahalaang militar. Lumaganap ang pagtugis ng mga Amerikano sa mga rebeldeng Pilipino sa paligid ng Maynila gaya ng La Loma, Quezon City; Maypajo, Caloocan City; at Daang Azcarraga (*Claro M.Recto Avenue* ngayon), Maynila. Isinunod nila ang pagkubkob sa kabisera ng pamahalaang Rebolusyonaryo sa Malolos, Bulacan noong ika-31 ng Marso, 1899. Hindi kaagad

nadakip si Pangulong Aguinaldo at ang kanyang mga pangunahing tagapayo sa dahilang nailipat nila ang kabisera ng Rebolusyonaryong Pamahalaan sa San Isidro, Nueva Ecija.  Nagpatuloy ang labanan at nagkaroon ng paghahati sa pagkapanalo sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano. Nanalo ang mga Pilipino sa Polo, Bulacan nang mapatalsik si Heneral Lloyd Wheaton at mapatay si Lt. Col. Harry Egbert. Sa Quingua (Plaridel) ay napagtagumpayan nina Heneral Gregorio del Pilar ang labanan at tinalo nila ang hukbo ni Maj. Franklin Bell at Col. John Miller Stotsenbergna kasamang nasawi sa labanan. Sa San Mateo, Rizal ay napatay si Heneral Henry Lawton ng grupo nina Heneral Licerio Geronimo.



Isang malungkot na pangyayari sa panahon ng digmaan ay ang pagpatay kay Heneral Antonio Luna, isang mahusay na Heneral Rebolusyonaryo noong Hunyo,1899 sa Cabanatuan. Ang kanyang pagkamatay ay nagdulot ng demoralisasyon sa hanay ng mga Pilipinong rebolusyonaryo. Ngunit hinihinala na ang pagkamatay niya ay may kaugnayan sa kanyang pagpaparusa sa *Kawit Company* ng insubordinasyon at sa tunggalian ng kapangyarihan sa loob ng Pamahalaang Aguinaldo. Noong Nobyembre, 1899, binuwag ni Pangulong Aguinaldo ang regular na hukbo ng mga rebolusyunaryo. Binuo niya ang isang desentralisadong kumando ng mga gerilya sa iba't ibang sonang militar.

Naging mahirap sa mga sundalong Amerikano na dakpin ang mga Pilipinong Rebolusyonaryo. Ang mga ito'y malayang nakagagalaw sa mga sibilyang komunidad at itinago ng mga mamamayan. Dahil dito, nagsimula ang pananakot at paghihigpit ng mga Amerikano sa mga sibilyan. Ayon kay Gregorio Zaide, may 200,000 sibilyan ang namatay na ang malaking bahagi ay dahil sa gutom at mga karamdamang dala ng digmaan. Ang pamahalaang Aguinaldo ay di gaanong naging epektibong awtoridad sa buong kapuluan kundi naging organisado at malakas

lamang sa rehiyon ng Katalugan. Gayunpaman, nagtanggol ang mga Pilipinong taga Visaya at Mindanao at nanatili ang labanan sa mga kabundukan ng Iloilo, Cebu at Bohol. Ang mga magtatanim ng tubo sa Negros ang isa sa mga grupo ng mga Pilipino na tuwirang tinanggap ang pamahalaang Amerikano.


Noong Marso 23, 1901. Gayunpaman, nadakip na si Pangulong Aguinaldo ng mga Amerikano sa Palanan, Isabela., nagpatuloy pa rin ang mga labanan hanggang sa taong 1903 sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Sa Mindanao ay nagkaroon ng malaking hadlang ang Hukbong Amerikano dahil sa masidhing pagtutol ng mga Kristiyanong Pilipino na tanggapin ang pamamahala ng mga Amerikano. Noong Agosto, 1899 ay nagkaroon ng kasunduan sa pagitan nina Heneral John C. Bates, representante ng Pamahalaang Amerikano, at Jamal-ul-Kiram II, Sultan ng Sulu, tungkol sa di pakikialam ng mga Amerikano sa nasabing isla. Subalit noong taong 1903, nagkaroon ng malaking impluwensya ang pamahalaang Amerikano sa mga lalawigan sa Mindanao. Tinulungan nila ang mga ito sa pagpapaunlad, naging maluwag ang mga patakarang ipinatupad, ipinagbawal at ginawang kasalanan sa batas ang pang-aalipin, nagtayo ng mga paaralang hindi Muslim ang kurikulum, at nagtatag ng mga pamahalaang lokal. Ang pamamahala ng mga Amerikano sa Mindanao ay umabot hanggang noong taong 1914. Naipatupad nila ang pagpapalit sa Batas Shariah o Batas Islamiko.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Suriin mo nga ang larawan sa ibaba. Ipaliwanag mo ang pangyayari batay sa iyong nabasa at naramdaman.






**Tandaan Mo!**

- Ang pagsisimula ng Digmaang Pilipino-Amerikano ay nangyari noong ika-4 ng Pebrero, 1899
- Tinatayang 126,000 na sundalong Amerikano ang nakabilang sa Digmaang Pilipino-Amerikano. May 4,234 na mga sundalong Amerikano at 16,000 na sundalong Pilipino ang nasawi sa digmaang ito.
- May 200,000 sibilyan ang namatay sa digmaan dahil sa gutom, mga karamdaman, at pananakot ng mga sundalong Amerikano.
- Lumaganap hindi lamang sa Luzon ang digmaan kundi maging sa mga isla ng Visaya at Mindanao.
- Maraming pagbabago ang naiambag ng pamahalaang Amerikano sa Mindanao gaya ng pagtatatag ng isang lalawigan, maluwag na pagpapatupad ng mga patakarang pagbabawal ng pang-aalipin, pagtatatag ng mga paaralang di Muslim ang kurikulum, at pagtatatag ng lokal na pamahalaan.



**Gawain 3: Paglalapat**

May maga lugar na nagsisilbing tagapagpaalala ng magpahanggang ngayon ng Digmaang Pilipino-Amerikano.

Punan ang “matrix “ sa ibaba ng mga pangalan ng mga heneral na Pilipino at Amerikano na nagkaroon ng bahagi sa digmaang ito. Itapat ang kanilang pangalan sa mga lugar na naging bahagi ng labanan.

| Mga Lugar na Pinangyarihan ng Labanan | Mga Heneral na Pilipino at Amerikano na nagkaroon ng kaugnayan sa labanang nangyari: |
|---|---|
| La Loma, Quezon City | |
| Maypajo, Caloocan | |
| Daang Azcarraga, Maynila | |
| Polo, Bulacan | |
| Quingua (Plaridel), Bulacan | |
| San Mateo, Rizal | |
| Cabanatuan, Nueva Ecija | |

**ARALIN 2**

**ANG PAGHADLANG SA NASYONALISMONG PILIPINO**



Nais mo bang malaman kung paano nahadlangan ang paglaganap ng nasyonalismong Pilipino sa panahon ng mga Amerikano? Tatalakayin sa araling ito ang mga patakaran ng mga Amerikano upang sikilin ang paglaganap ng Nasyonalismong Pilipino. Ilan dito ang mga Patakarang Brigansiya, Rekonsentrasyon, Batas na Nagbabawal sa Pagwawagayway ng Watawat ng Pilipinas at Supresyon sa mga Nasyonalistikong Partido Pampulitika. Handa ka na ba?


Inaasahang pagkatapos ng aralin, ay magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matatalakay ang mga pangunahing layunin sa pagbubuo ng Una at Ikalawang Komisyon sa Pilipinas sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano;
2. Masusuri ang mga patakarang ipinatupad ng mga Amerikano na naging daan sa pagsikil ng Nasyonalismong Pilipino; at
3. Maililista ang mga kabutihan at di-kabutihan ng mga patakarang ipinatupad ng mga Amerikano sa unang bahagi ng kanilang pananakop sa Pilipinas.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Sino ang bayaning iyong nakikita sa larawan? Ano ang kanyang naiambag sa Pamahalaang Pilipino sa panahon ng Pananakop ng mga Amerikano?




**Ang Pilipinas sa Pamamahala ng mga Amerikano**

Noong ika-20 ng Enero, 1899, binuo ni Pangulong McKinley ng Estados Unidos ang Unang Komisyon sa Pilipinas na pinangunahan ni Dr. Jacob Schurman, pangulo ng Pamantasang Cornell, kasama sina Admiral George Dewey at Heneral Elwell Otis. Pangunahing adhikain ng Komisyong ito na imbestigahan ang kondisyon ng kapuluang Pilipinas at magbigay ng mga rekomendasyon ukol dito. Sa kanilang ginawang pag-uulat, binigyang halaga ng mga Komisyoner ang aspirasyon ng mga

Pilipino sa kanilang paghahangad na magkaroon ng Kalayaan. Ngunit batay sa kanilang pagsusuri ang mga Pilipino'y di pa handa diumano para sa aspirasyong ito. Inirekomenda ng Komisyon ang mga sumusunod: pagtatatag ng isang Pamahalaang Sibilyan sa lalong madaling panahon; pagkakaroon ng isang lehislaturang bicameral, pagsasarili ng pamahalaang panlalawigan at pamahalaang lokal, at isang pampublikong sistema ng edukasyon.

Samantala, noong ika-16 ng Marso, 1900 ang Ikalawang Komisyon sa ilalim ng pamumuno ni William Howard Taft, naging unang Heneral Sibilyan sa Pilipinas, ay nabigyan ng kapangyarihang pang-lehislatura at limitadong pang-ehekutibo. Sa pagitan ng Setyembre 1900 at Agosto 1902, ang Komisyon ay naglathala ng 499 na batas. Nagtatag din ito ng sistemang panghukuman kabilang na ang pabubuo ng Korte Suprema at isang legal na koda na papalit sa mga ordinansang nabuo noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Ang Serbisyo Sibil ay sumunod na naitatag. Samantala, ang Koda Pang-Municipal nang 1901 ay nagpahayag ng pagkakaroon ng mga popular na mahahalal na pangulo, pangalawang pangulo at konsehal na bubuo ng mga Pang-Municipal na Kinatawan. Ang mga nahalal na Kinatawan Pang-Munisipal ay naging responsable at nanagutan sa pangonogolekta ng buwis, pangangasiwa ng mga kagamitan ng munisipyo, at pagsasagawa ng mga proyekto sa konstruksyon. Sila ay naghalal din mula sa kanilang pangkat ng mga kinatawan ng pang-lalawigang gobernador. Noong Hulyo, 1901, binuo ang Konstabularya ng Pilipinas. Ito ay isang pambansang puwersa ng mga pulis na mangangasiwa sa pagkontrol ng mga tumututol sa patakarang pinatutupad ng mga mananakop, kasama na ang pagsugpo sa mga kilusang lumalaban sa mga Amerikano. Nang lumaon, nang mawala ang mga militar ng Estados Unidos ay naging responsibilidad din ng Konstabularya ng Pilipinas ang pagsugpo sa mga gawain ng mga *gerilya.* Sa punto de bista ng mga Amerikano, ang mga gerilya ay mga *bandido.*

**Ang mga Unang Patakarang Kolonyal ng mga Amerikano at ang Nasyonalismong Pilipino**

Maraming Pilipino, kabilang si Apolinario Mabini at ang mga *Irreconcilables,* ang hindi naniwala sa katapatan ng pakikipagkaibigan ng mga Amerikano. Ang damdaming ito ay umusbong nang ipinasa sa Kongreso sa Amerika ang ***Teller Resolution*** kung saan ipinahayag ng mga Amerikano ang kanilang interes sa pagbibigay ng soberenidad, hurisdiksyon at awtonomya sa Cuba ngunit hindi kasama ang Pilipinas. Kung susuriin, dahil sa kalayuan ng Pilipinas sa Amerika ay dapat na binigyan na rin ito ng liberasyon. Sang-ayon sa mga ipinalabas na ulat ng Pamahalaang Sibil, ang mga Pilipino ay nagnanais na tanggapin na ang pamamahala ng mga Amerikano sapagkat ang pamamahala ni Pangulong Aguinaldo ay hindi na kasing popular gaya ng dati. Kahit maraming pagtutol ang ginawa ng mga Pilipino lumalabas pa rin na ang mga may kapangyarihang sibil at militar na nagnanais na bigyang diin ang soberenidad ng mga Amerikano sa Pilipinas ay nagpatupad ng mga patakarang sumikil sa diwa ng nasyonalismong Pilipino.

Isa sa patakarang ito ay ang ***Batas Sedisyon*** na ipinasa noong Nobyembre 4, 1901, Nagbibigay ng kaparusahang kamatayan at panghabang-buhay na pagkakabilanggo sa mga taong nagpapahayag ng paglaban at pagpuna sa pamamahala at pangangasiwa ng mga Amerikano ang batas na ito. Naglalayon ito ng tunay na pagsikil sa pagpapahayag ng mga Pilipino sa lahat ng larangan kahit na sa teatro. Ilan sa mga naging biktima at nabilanggo sa ilalim ng patakarang ito ay ang mga makabayang artista sa iba't ibang sining. Ito ay sina Aurelio Tolentino, kilalang manunulat sa literatura at naging sikat sa kanyang pagsulat ng dulang *Kahapon, Ngayon at Bukas*; Juan Abad, isang manunulat at kilala sa kanyang sinulat na dulang *Tanikalang Ginto;* at si Juan Matapang Cruz na nagsulat ng dulang *Hindi Aco Patay*; Ang mga akdang nabanggit ay nagpapakita ng simbolikong paglalarawan ng mga karanasan at pakikipagtunggali ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan. Tinuligsa rin sa mga akdang ito ang mga patakarang ipinatutupad ng mga Amerikano bagamat patago lamang.

May mga pahayagang nasyonalistiko ang naipalimbag din gaya ng El Nuevo na itinatag ni Sergio Osmeña ng Cebu at ang El Renacimiento na itinatag naman ni Rafael Palma. Ang pahayagang El Renacimiento ay naging popular sa mga Pilipino dahil ito'y naglathala ng mga hinggil ukol sa pakikibaka sa katiwalian ng pamahalaang Amerikano kabilang na ang mga Pilipinong ilustrado. Dahil dito, sinamahan ng kasong libelo ang may-ari ng pahayagan na si Martin Ocampo at ang editor na si Teodoro M. Kalaw. Ikinulong at pinagmulta sila ng 60,000 Php ni Dean Worcester, isang Amerikanong tutol sa pagbibigay ng kalayaan sa Pilipinas. Ang pangyayaring ito ay naging makabuluhan sa larangan ng pamamahayag sapagka't ipinakita ng mga Pilipino ang kanilang paninindigan at pagmamahal sa kalayaan. Lalong sumidhi ang pagnanais ng mga Pilipino na ipagpatuloy ang kanilang layunin tungo sa pagsasarili.

**Ang Batas sa Brigansiya at Rekonsentrasyon**

Patuloy na dumami ang bilang ng mga Pilipinong tumutol sa pamamalakad ng mga Amerikano. Bunga nito, panibagong batas ang ipinatupad ng mga mananakop. Ang Batas sa Brigansiya ay nagpalaganap ng katawagang bandido o ladrones (magnanakaw) sa mga Pilipinong Rebolusyonaryo. Ipinahayag ni Henry T. Allen, Puno ng Konstabularya ng Pilipinas na ang mga Rebolusyonaryo ay tunay na nagnanais lamang na maghasik ng kaguluhan, at hindi upang magtatag ng kalayaan. Kaya't dinarakip ang sinumang mapaghinalaan. Pinagbintangan din sila ng pagtatatag ng isang pamahalaang may Saligang-Batas at naghahangad ng kani-kanilang pangsariling pamahalaan. Sa ulat ni Heneral Adna Chafee na naglahad ng naging operasyon ni Heneral Franklin Bell sa Batangas, sinabi niya na ang grupo ng mga gerilya sa lalawigan ay lalong lumakas dahil sa tulong ng mga naninirahan doon, kaya't naging mahirap ang kanilang operasyon sa pagdakip sa mga salarin.

Isa sa naging tunay na biktima ng Batas sa Brigansiya sa pasimulang pagpapatupad nito noong Nobyembre 12, 1902 ay si Macario Sakay. Ikinulong at binitay ng mga Amerikano si Sakay sa dahilang siya'y kabilang sa mga bandido o rebeldeng Pilipino.  Sino ba si Makario Sakay? Tingnan ang kanyang larawan at alamin ang kanyang ginawa sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano.

Si Macario Sakay ay dating kasapi ng Katipunan at nakasama sa mga pakikipaglaban nina Andres Bonifacio at Emilio Jacinto sa mga bulubundukin ng Morong, Rizal.

Nagtatag si Macario Sakay ng Republika ng Katagalugan sa mga kabundukan sa Timog Luzon noong 1902. Siya ang humawak ng puwesto sa pagka-pangulo at tinawag na Generalisimo. Noong Abril, 1904 ay nagpalabas siya ng mga kasulatan na nagsasabing ang mga Pilipino ay may mahalagang tungkulin: ang ipagtanggol ang kalayaan ng Pilipinas. Binigyan niya ng diin na ang kasapi sa Republika ng Katagalugan ay mga Rebolusyonaryo na may binuong sariling Saligang-Batas, pamahalaan, at watawat. Ipinaliwanag din niya, sa pamamagitan ng mga manipesto na sila'y di mga bandido na gaya ng bintang ng mga Amerikano. Binitay siya sa salang sedisyon upang ipakita ng mga Amerikano ang marahas na kasasapitan ng mga Pilipinong nais magsarili. Ito'y bahagi ng kanilang pamamaraan sa pananakop at pagsikil sa Nasyonalismong Pilipino.

Sinundan ito ng Batas Rekonsentrasyon na pinagtibay ng Komisyon ng Pilipinas noong Hunyo 1, 1903. Ang batas na ito'y nagbigay ng awtoridad sa Gobernador Heneral na Amerikano na bigyan ng kapangyarihan ang mga gobernador sa mga lalawigan upang irekonsentra o ilipat ang mga residente ng mga bayan at lalawigang pinaniniwalaang pinamumugaran ng mga rebelde o ladrones (magnanakaw) sa mga poblacion o mas malaking bayan ng munisipyo. Ito'y pinagtibay nang malaman ng mga pinunong Amerikano mula sa mga ulat ng Konstabularya ng Pilipinas na ang malaking bilang ng mga mamamayan sa mga lalawigan ay patuloy na tumutulong sa mga Pilipinong Rebolusyonaryo o rebelde. Ang Batas Rekonstrasyon ay naging isang mabisang pamamaraan ng mga Amerikano upang dakpin ang mga rebeldeng pinuno at ilayo sila sa simpatiya at tulong ng mga mamamayang Pilipino.

**Ang Batas Ukol sa Watawat ng 1907**




Isa pa sa mga pamamaraang ginamit ng mga Amerikano upang sikilin ang Nasyonalismong Pilipino ay ang pagpasa ng Batas 1696 noong 1907. Ito ay nauukol sa pagbabawal ng pagdidispley o pagwawagayway ng watawat ng Pilipinas, at anumang simbolo, banner at mga kagamitan na nagpapahayag ng pagtutol sa pamamalakad ng mga Amerikano. Sa paniniwala ng mga Amerikano ang kanilang watawat ay di gaanong pinahahalagahan ng mga Pilipino at bagkus ay nais nilang gamitin ang watawat ng Pilipinas gaya ng palagiang ginagawang pagdidispley ng Partido Nacionalista ng watawat ng Katipunan ng sila'y manalo sa eleksyon ng 1907. Ang batas na ito ay ipinatupad sa mahabang panahon hanggang sa magkaroon ng pag-amenda noong taong 1919. Nagbago ang sa kaisipan ng mga Amerikano at pinayagang gamitin ng mga Pilipino ang ating sariling watawat sa anumang okasyon.


**Supresyon o Pagbabawal sa Pagtatatag ng mga Nasyonalistikong Partido Politikal**

Patuloy na ipinagbawal ng awtoritaryanismong Amerikano ang pagtatatag ng mga nasyonalistikong partido politikal, na naghahangad ng kalayaan. Malaki ang pagtutol ng mga Pilipino sa kautusang sapagkat mawawalan sila ng karapatang pampulitika. Minabuti ng mga Pilipino na baguhin ang kanilang mga platapormang pang-kalayaan. Isinulong nila ang awtonomiya o pagsasarili.

Ilan sa mga Partidong Pulitikal na ito ay ang Partido Nacionalista na itinatag ni Pascual Poblete noong Agosto 1901 (Iba ito sa Partidong Nacionalista noong 1907). Nilayon ng partidong ito ang pagkakaroon ng sariling pamahalaan at pagkakaroon ng kalayaan. Ang Partido Democrata na itinatag naman nina Jose Maria de la Viña, Leon Ma. Guerrero, Alberto Barreto at Justo Lukban ay naglayon din ng kalayaan ngunit sa pamamagitan ng mapayapang pamamaraan. Ang Partido

Federalista ay isa sa mga partidong itinatag ng mga elitista o mayayamang Pilipino na nakapag-aral. Sinasabing ang partidong ito ay pinamumunuan ng mga Pilipinong maka-Amerikano gaya nina Trinidad Pardo de Tavera, Cayetano Arellano, Florentino Torres, Felipe Buencamino, Pedro Paterno, Benito Legarda at Baldomero Roxas. Nilayon ng nasabing partido na ang Pilipinas ay maging bahagi ng *State of Federal Union*. May dalawang bahagi ito: ang *preliminary phase* na kung saan ay tatanggapin ng mga Pilipino ang soberenidad ng mga Amerikano at ang *constitutional phase* na magbigay sa Pilipino ng pagkakataon na maging bahagi ng representasyon sa Kongreso ng Amerika at Federal Union. Ngunit ang mga programang inilunsad ng Partido Federal ay di naging katanggap-tanggap sa mga masang Pilipino. Dahil dito, minabuti ng mga Pilipinong elitista na baguhin ang kanilang plataporma. Kanila ring hinalinhan ang pangalan ng partido bilang Partido Nacional Progresista. Isinulong nito ang layunin na magkaroon ng isang nagsasariling pamahalaan sa tulong ng mga Amerikano hanggang sa dumating ang panahon na maari nang pagkalooban ng kalayaan ang Pilipinas.

Ang mga pamamaraang inilunsad upang sikilin ang nasyonalismo ay nagdulot ng kabutihan at di-kabutihan sa lipunang Pilipino. Bukod sa benebolenteng asimilasyon, may marahas ding pamamaraan ang mga amerikano sa kanilang pagsakop sa Pilipinas at pagpapatupad ng mga patakaran. May iba't ibang pamamaraan din ang mga Pilipino sa pagtatangkang makamit kalayaan. May marahas at may mahinahon. May maka-masa at may maka-elitista. Ngunit nagkaroon ng malaking impluwensya sa sistema ng pamamahala ang mga elitista at edukadong Pilipino. Ang kanilang patuloy na paghahangad na makabilang ang Pilipinas sa *Federal Union* ay posibleng palatandaan na di sila tunay na naghahangad ng paglaya sa mga kolonyal na aspeto ng pamumuhay.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sa panahon ng kanilang pananakop, ipinatupad ng mga Amerikano ang batas na paggamit ng pagdidispley ng watawat bilang simbolo ng pagpapahalaga sa ating pagka-Pilipino. Ang ating watawat ay dumaan sa iba't ibang pagbabago sa iba't ibang panahon. Alin sa mga watawat na nakalarawan ang sa iyong palagay ay dapat na naging pangunahing basehan ng kasalukuyang watawat? Iguhit ito sa kahon. Ipaliwanag din kung bakit iyon ang napili mo.





**TANDAAN MO!**

- Pagkaraang makapagtatag ng Pamahalaang Militar, nagpatupad ang mga Amerikano ng mga programang sumikil sa kalayaan ng mga Pilipino.

- Ang Batas Sedisyon ay ipinatupad upang sikilin ang kalayaan ng mga Pilipino sa pagpapahayag.

- Ang Batas sa Brigansiya ay ipinatupad upang sugpuin ang pag-aalsa ng mga Rebolusyonaryong Pilipino na tinaguriang mga rebelde o bandido.

- Si Makario Sakay ay isang patriotikong Pilipino na nagsulong ng tuwirang paglaya ng mga Pilipino kaya't ipinapatay ng mga Amerikano sa salang pagre-rebelde.

- Ang Batas Rekonsentrasyon ay ipinairal upang ilipat sa ibang lugar ang mga residente ng mga bayan at lalawigang pinaniniwalaang pinamumugaran ng mga rebeldeng Pilipino.

- Ang Batas 1696 noong 1907 ay nagbawal ng pagdidispley o pagwagayway ng watawat ng Pilipinas, gayundin ang mga simbolo at mga kagamitang nagpapahayag ng pagtutol ng mga Pilipino sa pamamalakad ng mga Amerikano.

- Nagtatag ang mga Pilipino ng mga partido politikal upang isulong ang sariling pamamahala at kalayaan.

**Gawain 3: Paglalapat**



Kung ikaw ay nabuhay sa panahon ng Pananakop ng mga Amerikano at naging kabilang sa naghangad ng kalayaan, sino sa mga bayani sa listahan ang susundin mong pinuno? Lagyan ng tsek ang iyong napili. Isulat ang dahilan ng iyong pagpili sa ikalawang linya.

________1. Apolinario Mabini ______________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________

________2. Makario Sakay______________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________

________3. Trinidad Pardo de Tavera ____________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________

________4. Cayetano Arellano ____________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________

________5. Teodoro M. Kalaw ____________________________________________

_____________________________________________________________________________


_____________________________________________________________________

**ARALIN 3**

**PILIPINISASYON TUNGO SA PAMAHALAANG NAGSASARILI**



Ang Pilipinisasyon ay isang prinsipyo sa ng pamamahalang Amerikano na naglalayong unti-unting sanaysay ng mga Pilipino na maging kawani ng pamahalaan. Sinasabing ang patakarang ito ay binuo ng mga Amerikano upang higit pang mapatatag ang kanilang mga patakarang pampulitika at pangkabuhayan sa unang dekada ng kanilang pananakop. Ang mga paksang iyon ay uunawain mo sa araling ito. Handa ka na ba?



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matatalakay ang pamamaraan ng pagpapatupad ng Patakarang Pilipinisasyon sa unang dekada ng pamamahala ng mga Amerikano;
2. Masusuri ang epekto ng Pilipinisasyon sa pulitika, pangkabuhayan at panlipunang aspekto ng pamumuhaysa Pilipinas; at
3. Makapagbibigay ng sariling kuru-kuro hinggil sa epekto ng Pilipinisasyon sa lipunang Pilipino.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Lagyan ng tsek kung alin sa mga sumusunod ang sa iyong palagay ay naging bahagi ng Pilipinisasyon sa unang dekada ng pananakop ng mga Amerikano.

______Reorganisasyon ng Pamahalaang Munisipal

______Pagbibigay ng libreng pang-sekundaryang edukasyon

______Pagbibigay diin sa paggamit ng wikang Ingles sa komunikasyon

______Pagbili ng mga lupaing dating pag-aari ng mga prayle

______Pagbubukas ng ating pamilihan sa mga produktong Amerikano

**Pagpapatupad ng Patakarang Pilipinisasyon**

Inatasan ni Pangulong William McKinley ang Ikalawang Komisyon ng Pilipinas o ang Komisyong Taft na ipatupad sa bansa ang Patakarang Pilipinisasyon. Iniutos niya ang paglalagay ng mga Pilipinong kawani sa mga pamahalaang munisipal sa pamamagitan ng pagboto. Kaalinsabay din, pinalawak ang libreng primaryang edukasyon at ang paggamit ng wikang Ingles bilang midyum sa pakikipagtalakayan. Naging katulong ng pamahalaang Amerikano ang mga ilustradong Pilipino sa mabilis na pagpapatupad ng patakarang Pilipinisasyon. Nagkaroon ng malaking bahagi ang mga ilustradong Pilipino sa paghubog ng sistemang pampulitika ng Pilipinas matapos ang pananakop ng mga Kastila. Naging kabilang sila sa Partido Federalista at kanilang isinulong ang mga patakarang maka-Amerikano. Nakatulong din sila sa pagpapatuloy ng mga adhikain ng pamahalaang Amerikano kabilang na ang pagpapasuko sa mga Rebolusyonaryong Pilipino. Ang mga ilustradong Pilipinong ito ang mga karaniwang nahalal sa posisyon sa mga Pamahalaang Munisipal. Sa pamamagitan ng *Municipal Code Act No. 82* ay naging legal ang pagkakaroon ng mga kawani na maaring mahalal bilang pangulo; pangalawang pangulo at myembro ng konseho. Sang-ayon sa datos na ipinalabas noong 1903 ay 2.44 na porsyento lamang ng pangkabuuang populasyon ang bumoto. Ito'y sa dahilang hinigpitan ang kwalipikasyon ng mga botante sa nasabing halalan. Ang mga ito ay ang mga sumusunod: mga lalaking may edad 20-30 gulang lamang ang makaboboto; nanirahan ng higit kumulang sa anim na buwan sa lugar na pagbobotohan; nakahawak na ng lokal na posisyon sa bayan; may ari-arian na nagkakahalaga ng limandaang piso at nagbabayad ng taunang buwis na tatlumpung piso (Php 30.00); at higit sa lahat ay nakababasa, nakasusulat at nakapagsasalita ng wikang Ingles o Kastila.

Hindi lamang sa mga kawani sa pamahalaang pang-munisipal at panglalawigan ang naibahagi sa patakarang Pilipinisasyon ng mga Amerikano kundi maging ang Pamahalaang Nasyonal. Si Cayetano Arellano ang kaunaunahang napili bilang Punong Mahistrado sa Korte Suprema noong taong 1901. Sinundan siya ng ilan pang mga mahuhusay na Mahistrado gaya nina: Victorino Mapa (naging Punong Mahistrado noong 1920-21), Florentino Torres, Ambrosio Rianzares

Bautista, Raymundo Melliza at Manuel Araullo. Samantala, ang Komisyon ng Pilipinas ay naragdagan ng mga Pilipinong ilustrado na pinili ni Pangulong William McKinley gaya nina Trinidad Pardo de Tavera, Benito Legarda, Jose Luzuriaga, Gregorio Araneta, Juan Sumulong, Rafael Palma at Vicente Ilustre. Nang lumaon, ang Kalihim ng Pananalapi at Hustisya ay ibinigay rin noong 1908 – 1913 kay Gregorio Araneta. Humalili sa kanya si Victorino Mapa mula 1913 – 1916.

**Ang *Philippine Organic Act***


Ang kaunaunahang "*organic act*" na ipinatupad sa Pilipinas ay tinawag na *Philippine Organic Act* ng 1902 (lalong kilala bilang *Cooper Act* sa dahilang si Kinatawan Henry Allen Cooper ang nagsumite nito sa Kongreso ng Amerika). Nilayon nito ang pagkakaroon ng isang lehislatura na bubuuin ng Mababang Kapulungan o Asembliya ng Pilipinas na ihahalal ng mga botanteng Pilipino. Ang mataas na kapulungan ay tatawaging Komisyon ng Pilipinas at ang mga bubuo nito ay hihirangin ng Pangulo ng Estados Unidos. Ang dalawang kapulungang ito ay maghahati sa kapangyarihan sa lehislatura ngunit ang Mataas na Kapulungan ay may pananagutan sa pagpapasa ng mga batas na may relasyon sa mga Pilipinong Muslim at mga katutubo. Ang kautusan ding ito ang nagbigay ng pagkakataon sa pagpapadala ng dalawang Pilipinong residenteng Komisyoner sa Washington, E.U. upang dumalo sa mga sesyong gagawin sa Kongreso ng Estados Unidos.

**Ang Unang Halalan sa Asembliya**

Ang unang halalan sa asembliya ay nangyari noong Hulyo, 1907. Binuksan ang una nitong sesyon noong Oktubre 16, 1907. Iba't ibang mga partido pulitikal ang binuo ngunit di naging bukas ang mga ito sa pagsusulong ng kalayaan. Sa isang banda, ang mga pagbatikos ukol sa mga patakaran ng pamahalaang Amerikano ay pinayagang mailathala sa mga lokal na pahayagan.

**Pagbili ng mga Lupain ng mga Prayle**

Sa tulong ni Gobernador-Heneral Sibil William Howard Taft ay binili ng Pamahalaang Amerikano ang mga naglalakihang lupain na pag-aari ng mga prayleng Kastila gaya ng mga Dominikano, Augustiniano, Rekoletos at mga Heswita. ipinadala siya sa Vatican ni Pangulong Roosevelt upang himukin ang Papa na ipagbili ang mga lupaing ito. Noong taong 1904, binili ng pamahalaang Amerikano ang mga lupain ng mga prayle na nagkakahalaga ng US$7.2 milyon na may kabuuang sukat na 166,00 na hektarya. Ang malaking bahagi ay nasa kapaligiran ng Maynila. Ang mga nabiling lupain ay naipagbili sa mga Pilipinong kasama sa bukid ngunit mas malaking bahagi ang naipagbili sa mga maykaya at dati nang may maraming lupain. Kasama rin sa kasunduan ang pagpapahintulot ng Simbahang Katoliko na unti-unting mapalitan ng mga Pilipino ang mga Kastilang pare sa praylokrasya.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Bilugan ang mga pangalan ng mga Pilipinong nagkaroon ng mahalagang katungkulan sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano.

| | | |
|---|---|---|
| Trinidad Pardo de Tavera | Andres Bonifacio | Apolinario Mabini |
| Benito Legarda | Cayetano Arellano | Florentino Torres |
| Makario Sakay | Gregorio Araneta | Vicente Abad |
| Rafael Palma | Emilio Jacinto | Juan Sumulong |



**Tandaan Mo!**

- Ang Pilipinisasyon ay isang prinsipyo ng pamahalaang Amerikano na naglalayong ng unti-unting punan ang pamahalaan ng mga Pilipinong kawani.
- Ang patakarang Pilipinisasyon ay pinasimulan sa paglalagay ng mga Pilipinong manunungkulan sa pamahalaang Munisipal hanggang sa pamahalaang Nasyonal.
- Ang mga Pilipinong ilustrado ay naging mabisang instrumento sa pagpapatupad ng Patakarang Pilipinisasyon.
- Ang kauna-unahang "*organic act*" na ipinatupad sa Pilipinas ay tinawag na *Philippine Organic Act* ng 1902
- Si Gobernador-Heneral William Howard Taft ang naging daan sa pagbili ng mga lupain ng mga Prayleng Kastila at sa pamamahagi ng mga lupaing ito sa mga Pilipino.



**Gawain 3: Paglalapat**

Sa iyong palagay ano ang naidulot ng sistemang Pilipinisasyon sa pamumuhay ng mga Pilipino? Nakabuti ba ito o di nakabuti? Bakit?

**ARALIN 4**

**MGA PATAKARAN AT PAGBABAGONG PANGKABUHAYAN**



Ang panahon ng pamamahala ng mga Amerikano ay nagbukas ng malayang kalakalan sa pagitan ng Pilipinas at ng Estados Unidos. Kalakip ng pagbubukas ng kalakalan ay ang pagtatayo ng mga industriyang magbubuo at magmamanupaktura ng mga produktong iluluwas sa Estados Unidos gayundin ang mga ibebenta sa mga pamilihan sa bansa. Sa pamamagitan ng Komisyong Taft ay nailatag ang pangunahing adhikaing pangkabuhayan ng mga Amerikano. Anu-ano ang mga ito? Tuklasin mo sa araling ito.



Inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod pagkatapos ng aralin:

1. Matatalakay ang mga patakaran na pangkabuhayan at pangkalakalan na ipinatupad ng mga Amerikano sa Pilipinas;
2. Masusuri ang mabuti at di mabuting epekto ng mga patakarang pangkabuhayan at pangkalakalang ipinatupad sa pamumuhay ng mga Pilipino; at
3. Makapagtatala ng mga istatistik ukol sa naging resulta ng mga patakarang pangkabuhayang ipinairal ng mga Amerikano.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Punan ng tamang sagot ang blankong *balloon*

Anu-ano ang mga produktong iniluwas ng Pilipinas sa Ameriika?

Ang mga ito ay________
____________________
___________________

Ang panahon ng pamamahala ng mga Amerikano ay nagbukas ng malayang pakikipagkalakalan sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos. Nang taong 1901 at 1902 ay inalis ang buwis na ipinapataw sa mga produktong inilabas at ipinasok sa

dalawang bansa. Dahil dito, lumaki ang bilang ng mga produktong iniluwas sa Estados Unidos gaya ng asukal, abaka, langis, niyog at kopra. Ang mga produktong ito ay mga pangunahing kailangan ng Estados Unidos sa kanyang industriya. Ang pangkabuuang halaga ng mga produktong pumasok sa Estados Unidos noong 1909 ay nasa 60.9 milyong piso; noong 1910 hanggang 1914 ay 94.7 milyong piso, at noong 1925 hanggang 1930 ay umabot sa 198.9 milyong piso.

Bukod sa pagluluwas ng kalakal sa Estados Unidos, sinimulan din ng mga Amerikano ang pagtatayo ng mga industriya sa Pilipinas. Ilan sa mga ito ay ang pagawaan ng niyog, alak, abaka/lubid, sigarilyo at tabako, de-lata at asukal. Hinimok din nila ang mga kapitalistang Pilipino na maging katuwang sa pagnenegosyo. Dahil dito natuto ang mga kapitalistang Pilipino na magpatakbo ng mga negosyo. Sa pagdami ng mga industriyang itinayo ng mga Amerikano ay humina ang mga katutubong industriya gaya ng industriya ng paghahabi sa mga lalawigan ng Iloilo, Batangas, Bulacan at Ilocos. Ang mga mataas na uri ng tela galing sa mga lugar na ito ay napalitan ng mga mumurahin at mababang uri ng tela na nagmumula sa Estados Unidos.

Pagkatapos na maitayo ang mga pangunahing industriya sa pagmamanupaktura, pinagtuunan naman ng mga Amerikano ang pagtatayo ng mga instruktura. Kabilang dito ang pagsasaayos ng mga daan at mga minahan gaya ng pagtatatag ng *Benguet Consolidated Mines* at paggawa ng siyudad sa Baguio. Kinatulong nila ang mga katutubong Ifugao at mga dayuhang Hapones bilang mga lakas paggawa sa paggawa ng daanan na lalong kilala bilang Daang Kennon sa kasalukuyan. Ang lungsod ng Baguio ay ginawang pangtag-init na kapital ng Pilipinas kaya ito'y naging pahingahan at pook libangan ng mga Amerikano.

**Malayang Kalakalan**

Ipinagpatuloy ng mga Amerikano ang pamamaraan ng paniningil ng iba't ibang buwis na nasimulan noong panahon ng mga Kastila. Mayroong mga ginawang pagbabago gaya ng pagpapalit sa *cedula personal* sa isang peseta ($0.10) at pag-aalis ng mga monopolyo sa pagbibili ng opyo, sabungan at alak. Ang mga salaping

nakokolekta ay inilalagak sa isang pampublikong tesorero na pinangasiwaan ng Kagawaran ng Tesorero.

Hindi naging malinaw ang nais na mangyari ng mga Amerikano sa pangkabuhayan ng Pilipinas sa unang bahagi ng kanilang pananakop. Ang pinakapangunahin nilang layunin ay ang pagpapalawak ng pakikipagkalakalan sa bansang Tsina.

**Batas Payne-Aldrich**

Noong taong 1909 ay ipinasa sa Kongreso ng Amerika ang Batas Payne-Aldrich. Ito'y naglalayong papasukin ang mga piling produkto ng Pilipinas sa Estados Unidos. Naglagay ng limitasyon sa pagpasok ng bigas, asukal at tabako sa Estados Unidos dahil sa pagtutol ng mga magsasakang Amerikano. Ito'y kanilang ginawa dahil sa posibleng malaking kompetisyon ang mangyayari sa mga nabanggit na produkto. Samantalang ang produkto ng mga Amerikano ay malayang makapapasok sa ating pamilihan ng walang limitasyon sa bilang o dami nito.

**Batas Underwood-Simmons**

Taong 1913 ay ipinasa ang Batas Underwood Simmons sa Kongreso ng Amerika. Inalis ng batas na ito ang mga restriksiyon sa lahat ng produktong pumapasok sa dalawang bansa. Dahil dito, naging depende ang Pilipinas sa mga kalakal na galing sa Estados Unidos. Naging positibo din ito sa pagdami ng mga iniluluwas na produkto ng Pilipinas sa Estados Unidos. Lumaki ang bilang ng mga iniluluwas na produkto. Batay sa statistics noong taong 1914 at 1920 ay umabot ang iniluluwas na produkto sa limampu hanggang pitumpung porsyento. Nang taon 1939 ay walumpu't limang porsyento ang ating nailuwas na produkto sa Estados Unidos ngunit animnapu't limang porsyento naman ang ating inangkat.

Nakinabang nang malaki ang Estados Unidos sa nasabing patakaran dahil kahit hindi mahahalagang produkto ay naipasok nila sa pamilihan ng Pilipinas at nagdulot ng mas malaking tubo sa kanila. Naging mahilig kasi ang mga Pilipino sa anumang produktong *"stateside"*

**Parity Rights**

Hindi lamang ang kalakalan ang pinakinabangan ng mga Amerikano sa panahon ng kanilang pamamahala sa Pilipinas kundi maging ang ating mga likas na yaman. Bago pinagkaloob ng mga Amerikano ang kalayaan ng Pilipinas ay itinali muna tayo sa isa pang patakaran: ang Parity Rights. Ang patakarang ito ay nagbigay ng pantay na karapatan sa mga Pilipino at Amerikano na gamitin at pakinabangan ang mga likas na yaman ng Pilipinas. Madaling napaunlad nito ang pangangalakal at industriyang itinayo ng mga Amerikano sa Pilipinas. Ang pagtatatag ng mga industriyang Amerikano ay naging daan ng pagdagsa ng mas maraming bilang ng mga produktong Amerikano sa pamilihan ng Pilipinas.


**Ang Usapin sa Pagmamay-ari ng mga Lupa**

Sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano ay nanatili pa rin ang sistemang kasama sa sakahan. Ito'y karaniwang natagpuan sa mga pataniman ng palay sa Gitnang Luzon at sa mga Isla ng Visaya. Sa ilalim ng patakarang ito ay kinakailangang isuplay ng may-ari ng lupa ang binhi at iba pang gagamitin ng mga kasamang magsasaka sa buong panahon ng pagtatanim. Ang bahagi ng kasamang magsasaka ay ang mga hayop na gagamitin sa pagbubungkal ng lupa at ang kalahati ng gagastusing pera. Ngunit sa pamamaraang ito ay mas malaki ang kitang napupunta sa may-ari ng lupa pagdating sa hatian dahil sinasabing mas malaki ang kanyang naiambag sa gastusin. Kadalasan nga ay pinauupahan pa ng may-ari ng lupa sa isang *inquilino* ang lupa at ang *inquilino* ang nagbabahagi ng lupang sasakahin sa mga kasamang magsasaka. Lalong nagiging maliit ang napupuntang kita sa kasamang magsasaka sa ganitong sistema. Ito ang naging dahilan kung bakit nababaon sa utang ang kasamang magsasaka at minamana pa ng mga anak at ng buong pamilya ng magsasaka ang pagbabayad sa utang. Ang kontrata ay di nakasulat at ang nakinabang nang husto sa sistemang nabanggit ay ang may-ari ng lupa.

**Epekto ng mga Patakarang Pangkabuhayan sa Pamumuhay ng mga Pilipino**

Ang mga patakarang pangkabuhayang ipinatupad ng mga Amerikano sa panahon ng kanilang pamamahala ay nagkaroon ng maganda at di-magandang epekto. Maganda, sa dahilang maraming produktong Pilipino ang nailuwas sa Estados Unidos at nagdulot ng malaking kita sa mga mangangalakal na Pilipino. Nagkaroon ng bagong kaalaman ukol sa kalakalan ang mga Pilipinong mangangalakal gaya ng paggamit ng mga makinarya at bagong teknolohiya. Ang pamumuhunan ay napaunlad at nakilala ang ating pangunahing mga produkto gaya ng asukal, niyog, copra at langis sa Kanluraning bansa.

Ngunit ayon sa mga ekonomista, mas marami ang di-magandang epekto ng pakikipagkalakalan sa mga Amerikano. Ilan sa mga di-magandang epekto ay ang: pagtatali ng ating pamilihan sa pamilihan ng mga Amerikano; pagpasok ng di gaanong mahahalagang produkto o pangunahing kailangang produkto ng mga Pilipino; paghina ng mga tradisyunal nating industriya; kompetisyon ng ating mga agrikultural na produkto sa produktong agrikultural ng mga Amerikano; lalong pagyaman ng mga Pilipinong nasa panggitnang antas ng lipunan dahil sila ang hinimok na mamuhunan sa mga industriyang itinatag ng mga Amerikano; pagbabago ng panlasa at pagpapahalaga sa mga produkto ng dayuhan at lubusang pagkalugi ng mga magsasakang Pilipino sa mga gastusin sa mga sakahan dala ng pagkakaroon ng makabagong teknolohiya at mga makinarya.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Ano ang nais ipakita ng karikatura sa ibaba ukol sa sistema at patakarang pangkabuhayan ng Pilipinas na idinulot ng pamamahala ng mga Amerikano? Isulat ang iyong maikling sagot sa sarili mong kwaderno.

Pinagkunan: IBON Books Ekonomiks Para sa Filipino Edisyong 2002

B. **Panuto:** Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang sa patlang bago ang numero

_______1. Batas Underwood - Simmons
_______2. Batas Payne-Aldrich
_______3. Parity Rights
_______4. Pagpasok ng 60.9 milyong piso halaga ng kita sa Estados Unidos
_______5. Pagpasok ng 198.9 milyong pisong halaga ng kita sa Estados Unidos



**Tandaan Mo!**

- Nagsimula ang malayang kalakalan sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos nang panahon ng pamamahala ng mga Amerikano.
- Nagtayo rin ng mga industriya sa Pilipinas ang mga Amerikano bukod sa pagbibigay-diin sa malayang kalakalan.
- Ang Batas Payne-Aldrich ay naipasa noong taong 1909 ng Kongreso ng Amerika at naglayong papasukin ang produktong Pilipino sa Amerika maliban sa bigas, asukal at tabako.
- Ang Batas Underwood- Simmons ay naipasa noong 1913 ng Kongreso ng Amerika at naglayong alisin ang mga restriksiyon sa lahat ng produktong pumapasok sa pamilihan ng Pilipinas at Amerika.
- Ang *Parity Rights* ay nagbigay ng pantay na karapatan sa mga Pilipino at Amerikano na gamitin at pakinabangan ang mga likas na yaman ng Pilipinas.
- Ang patakaran sa lupa sa panahon ng pamamahala ay nakatali pa rin sa sistemang *hacienda* at *inquilino.*



**Gawain 3: Paglalapat**

**Panuto:** Maglista ka ng limang produktong gusto mong mabili na galing sa Amerika. Pagkatapos ay ipaliwanag mo kung bakit gusto mong magkaroon ng mga produktong iyon.

1.______________________________________________________________

2. ______________________________________________________________

3. ______________________________________________________________

4. ______________________________________________________________


5. ______________________________________________________________

**ARALIN 5**

**MGA PANLIPUNANG PAGBABAGO**



Sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano ay malaking pagbabago ang nangyari sa panlipunang aspeto ng pamumuhay ng mga Pilipino. Gusto mo bang malaman kung anu-ano ang mga iyon? Halika't suriin sa araling ito.



Inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod pagkatapos ng aralin:

1. Matatalakay ang mga panlipunang pagbabago na nangyari sa ilalim ng pamamahala ng mga Amerikano;
2. Masusuri ang mga epekto ng panlipunang pagbabago sa pamumuhay ng mga Pilipino; at
3. Makapagbigay ng pansariling kuru-kuro hinggil sa kabutihan o di kabutihan ng mga panlipunang pagbabago sa panahon ng mga Amerikano.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo**

Tuntunin ang daan na dapat tahakin ng mga batang mag-aaral tungo sa nais nilang makamit.

**Mga Pagbabago sa Edukasyon**

Nang itinatag ng mga Amerikano ang mga pampublikong paaralan, ito naging daan sa pagbibigay ng oportunidad sa mga Pilipino mahirap man o mayaman na makapag-aral. Ang mga sundalong Amerikano ang nagpasimulang magturo sa mga Pilipino ng pagbabasa, pagsusulat at pagsasalita ng wikang Ingles. Naging unang guro ang tinatawag na mga Thomasites, 600 Amerikanong guro na nakalulan sa *USS Thomas* nang dumating sa Pilipinas. Naragdagan ang katutubong kultura ng mga aspeto ng kulturang Amerikano. Natuto silang magsalita ng wikang Ingles, magbihis ng gaya ng mga Amerikano, kumain ng mga pagkaing Amerikano, makilala ang mga bayani at pinunong Amerikano, at higit sa lahat ay mag-isip na gaya ng mga Amerikano. Ang mga mahuhusay na mag-aaral na Pilipino ay naging mga *pensionado* sa Estados Unidos. Ang mga *pensionadong* ito ang mga naging pinunong bayan sa Pilipinas sa ilalim ng patakarang Pilipinisasyon ng mga Amerikano. Isa sa mga pangunahing paaralang itinatag ng mga Amerikano ay ang Paaralang Normal ng Pilipinas noong 1901. Ang naging unang superintende ng paaralan ay isang *Thomasite.*

## Pag-unlad at Pagbabago ng Transportasyon at Komunikasyon

Ang pagtatayo ng mga imprustruktura gaya ng mga daan at tulay na mag-uugnay sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas ay pinaunlad at isinaayos ng mga Amerikano sa panahon ng kanilang pamamahala. Ang Daang Kennon ay nakatulong upang mapabilis ang transportasyon at komunikasyon sa Rehiyon ng Cordillera sa Kapatagang Luzon. Ang pagbubukas ng rehiyon ay naging daan sa paglawak ng pagmimina sa mga kabundukan at pagtatatag ng Benguet Consolidated Mining Corporation. Ang nasabing korporasyon ang tuwirang nangasiwa sa pagmimina sa nasabing lugar. Nagpalabas din ng Php 100,000 ang Komisyon ng Pilipinas upang magamit na pambili ng mga awtomobil na gagamitin ng mga pinunong Amerikano patungo sa Baguio. Ito'y nangyari sa panahon ng pamumuno ni Gobernador William Cameron Forbes.

Noong taong 1930, lalong napaunlad ang transportasyon sa dahilang nabuksan ang Bicol Express. Ito ang sasakyang tren na na nag-uugnay sa Lungsod ng Maynila hanggang sa Timog Katalugan. Naragdagan ang ruta sa dati ng linya patungong Dagupan, Pangasinan at San Jose, Nueva Ecija. Naging mabisang gamit ang tren sa pagpapaunlad ng industriyang pagtrotroso ng mga Amerikano. Ang Pilipinas ang naging pangunahing tagapagluwas ng mga kahoy at troso sa Amerika. Naging daan ito sa pagkita ng malaking halaga ng dolyar sa ating bansa. Nagpatuloy rin ang pagdaragdag ng mga riles at ruta ng tren hanggang sa isla ng Panay. Pinaunlad nito ang industriya ng asukal sa Kanlurang Visayas. Ang Davao ay inabot din ng paglawak at pag-unlad ng ruta ng tren kaya naging daan ito sa paglago ng mga plantasyon sa nasabing lugar.

## Pagbabago sa Pananahanan


Sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano, binili nila ang malalaking lupain na dating pag-aari ng mga prayleng Kastila. Ipinatupad din ang patakaran ukol sa Batas Torrens bilang sistema ng pag-aari ng sariling lupa. Binigyan ng batas na ito ng pagkakataon na manirahan sa sariling lupa ang nagmamay-ari nito. Ito ang pinagmulan ng mga nangyaring pangangamkam sa mga lupain ng mga

Pilipino lalung-lalo na ang mga katutubo. Ilan sa mga halimbawa ng pamamaraang ito ay nangyari sa Buenavista, Bulacan at sa mga bayan ng Guimba, Nampicuan, Cuyapo at Talavera sa Nueva Ecija. Inilunsad din ang programang *homestead* upang matugunan ang suliranin sa pabahay at paunlarin ang ilang bahagi ng mga kanayunan. Ang karaniwang bahay kubo na makikita sa mga lalawigan ay napalitan ng bahay na yari sa tabla, kahoy at bato. Ang iba namang Pilipino ay nagsimulang maging migrante sa mga malalaking lungsod upang maghanapbuhay at mag-aral. Ang pamumuhay ng mga tao ay naging kumplikado na rin sapagkat natutong magmay-ari ng mga kagamitang pambahay ang mga Pilipino. Ilan sa mga ito ay ang radyo, telepono at telebisyon. Naging mabilis na ang pakikipag-ugnayan sa iba't ibang lugar.

**Epekto ng mga Pagbabago at Pag-unlad sa Pamumuhay ng mga Pilipino**

Ang mga panlipunang pagbabago ay nagpaunlad sa ilang bahagi ng kapuluan ng Pilipinas. Naging mabilis ang pakikipag-ugnayan at pagpapalitan ng mga produkto ng mga lalawigan kaya tumaas ang antas ng kabuhayan maging sa mga lalawigan. Ang mga Pilipino ay nabigyan ng oportunidad sa edukasyon kaya marami ang nakapasok at nakapag-aral sa ilalim ng pagtuturo ng mga Amerikanong guro. Ang mga naging pensionado o iskolar sa Estados Unidos ay naging bahagi ng mga pinunong Pilipino na nailagay sa mahahalagang posisyon sa pamahalaang Amerikano. Nagkaroon ng pagbabago ang kanilang mga panahanan, pananamit, pananalita at kaisipan na dulot ng edukasyong kanluranin.

Ang mga panlipunang pagbabagong nabanggit ay humubog sa maka-Amerikanong ideolohiya nga mga Pilipino. Nagdulot ito ng isipang kolonyal at ang mga Pilipino ay nakilala bilang mga maliliit na kayumangging Amerikano *(Little Brown Americans).* Nahalinhan ng materyalismo ang ilang kaisipang katutubo kaya maraming mga Pilipino ang naging migrante sa loob at labas ng Pilipinas. Ang kulturang Amerikano ay madaling niyakap ng mga Pilipino at naging dahilan din ng malabis na pagkagusto sa mga produkto mula sa Estados Unidos. Ang mga pagbabagong iyon ay naging daan din ng pagbabagong-anyo ng mga Pilipino, sa kanilang kasuotan, mga hilig at mga kagamitan sa katawan at tahanan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Suriin ang karikatura sa ibaba. Gumawa ng isang maikling paliwanag ukol dito. Ano ang masasabi mo hinggil sa mga pagbabagong dulot ng kulturang Amerikano?

Pinagkunan: Ekonomiks Para sa Pilipino. IBON Books 2002

B. Itapat ang mga salita sa Hanay A sa salita o pariralang singkahulugan nito sa Hanay B. Gamitan ng linyang pandugtong.

| A | B |
|---|---|
| 1. Pensionado | a. Programang ipinatupad upang matugunan ang suliranin sa pabahay. |
| 2. Thomasites | b. Mga iskolar na Pilipino na pinag-aral sa Estados Unidos. |
| 3.Bicol Express | c. Mga gurong Amerikanong unang ipinadala sa Pilipinas sabay ng barkong Thomas. |
| 4. Batas Torrens | d. Sistema ukol sa pag-aari ng lupa. |
| 5. Homestead | e. Sasakyang tren na nag- uugnay sa Maynila hanggang Timog Katalugan. |
| | f. Bagong uri ng panahanan. |

**Tandaan Mo!**



- Ang mga sundalong Amerikano ay nagsilbing unang guro sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano bago dumating ang mga gurong Thomasites.
- Nagkaroon ng mga pensionado o iskolar na Pilipino na nag-aral sa Estados Unidos at nang lumaon ay humawak ng mahahalagang tungkulin sa pamahalaang Amerikano.
- Ang paglawak ng ruta ng transportasyong tren sa Pilipinas ay nakatulong sa pagpapaunlad ng kalakalan sa iba't ibang lalawigan ng Pilipinas.
- Ang dating bahay-kubo ay ng mga katutubong Pilipino ay napalitan ng bahay na kahoy at bato sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano.
- Nagdulot ng kabutihan ang panlipunang pagbabago sa ilalim ng mga Amerikano gaya ng: malaking kita sa mga produktong iniluluwas, oportunidad na makapag-aral ang mga Pilipino, pagkakataong humawak ng mahahalagang tungkulin sa pamahalaan ang mga Pilipino, at paghubog ng panlasang maka-Amerikano sa pananamit, at pananahanan, at maging sa pag-iisip.
- May mga di-kabutihang dulot ang mga panlipunang pagbabago sa panahon ng mga Amerikano gaya ng: naging maka-Amerikano at materyalista ang pananaw at ideolohiya ng mga Pilipino, dumami ang mga migranteng Pilipino sa loob at labas ng Pilipinas, at mas pinahalagahan ang mga produktong Amerikano.



**Gawain 3: Paglalapat**

Isulat sa patlang ang mga sagot:

1. Sa iyong palagay, dapat bang patuloy tayong maging bihasa sa wikang Ingles? Pangatwiranan mo.

   ______________________________________________________________

   ________________________________________________________

2. Sino ang mas papanoorin mo? Artistang Pilipino o artistang Amerikano? Ipaliwanag kung bakit.


   ______________________________________________________________

   _______________________________________________________

**ARALIN 6**
**ANG MGA KILUSANG MESIANIKO LABAN SA MGA AMERIKANO**



Ang mga tradisyunal na pag-aalsa sa mga lalawigan na mayroong Mesianikong pananaw ay nagpatuloy sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano. Ang Sektang Colorum, ang grupong itinatag ni Florencio Entrencherado sa Isla ng Panay, ang insureksiyon ni Tayug sa Hilagang Maynila, Kapisanan Makabola Makasinag, Grupong Sakdalista, at ang Partido Sosyalista at Komunista ay ilan sa mga organisasyong may Mesianiko na itinatag ng mga Pilipino upang tutulan ang pamamahala ng mga Amerikano. Sa araling ito, uunawain natin ang kahalagahan ng mga kilusang iyan.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maisa-isa ang mga kapisanan at organisasyong itinatag ng mga Pilipino upang tutulan ang pamamahala ng mga Amerikano;
2. Masusuri ang mga adhikain ng mga kapisanang Mesianiko laban sa mga Amerikano; at
3. Makapagbibigay ng sariling kuru-kuro ukol sa epekto ng mga kapisanan at organisasyong Mesianiko sa pamumuhay ng mga Pilipino.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Suriin ang larawan sa ibaba. Saang paniniwala ng mga Pilipino nauugnay ito? Ipaliwanag.

**Ano ang Mesianikong Pag-aalsa?**

Ang mga tradisyunal na panlalawigang pag-aalsa ay hindi natapos sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano. Ang mga pag-aalsang ito ay karaniwang may kaugnayan sa paniniwala ng mga pinuno na sila'y mga Mesianiko sa lupa.

**Ang Sektong Colorum**

Ang Sektang Colorum ay nagpasimula sa dating Confradia de San Jose na lumawak at nakipagkompetensiya sa Katolisismo at sa Iglesia Filipina Independiente noong taong 1920. Nagkaroon ng isang pag-aalsa ng taong 1924 sa Hilagang Silangan ng Mindanao dahil sa paniniwala ng mga puno ng sektang ito na nalalapit na ang araw ng paghuhukom. Noong 1925 ay nagtatag ng isang sekta si Florencio Entrencherado, isang nagmamay-ari ng tindahan sa Isla ng Panay. Nagproklama si Entrencherado na siya ang Emperador ng Pilipinas at kumandito rin siya bilang gobernador ng Iloilo noong nabanggit na taon. Ang ilan sa mga binanggit niya sa kanyang plataporma ay ang pagnanais niyang pababain ang halaga ng buwis, paglalagay ng limitasyon sa pagpasok ng mga Tsino at Hapones na mangangalakal sa bansa, at paghahangad ng dagliang kalayaan. Kahit siya'y di nanalo sa eleksiyon, naging prominente naman siya sa Kanlurang Visayas. Doon ay nakuha niya ang simpatiya ng mga mahihirap na naninirahan sa mga lalawigang mayaman sa asukal gaya ng Panay at Negros. Sinabi ni Entrencherado na ang kanyang kapangyarihang taglay ay nagmula sa Banal na Espiritu Santo at sa ispiritu nina Padre Burgos at Jose Rizal. Umabot sa 10,000 pesante ang naging kabilang sa nasabing sekta hanggang noong 1926 sa Lalawigan ng Negros at sa Isla ng Panay. Noong Mayo 1927 ay tinawag niya ang mga kasapi ng kanyang itinatag na sekta at sinabi na nalalapit na ang oras upang tapusin ang buhay ng lahat ng mga mayayaman sa nasabing lugar. Dito na nagpasimula ang isang napipintong insureksyon ng mga pesante laban sa mga patakarang nang-alipin sa kanila. Tinutulan nila ang sistema ng pamamahala ng mga Amerikano kasama ang mga ilustradong Pilipino.

Napakainit ng tensyon sa Gitnang Luzon nang panahong iyon dahil sa isyu sa sakahan at pag-aari ng lupa. Ang pinasimulang insureksiyon ni Tayug noong 1931 ay may kaugnayan sa Sektang Colorum.  Hinangad nito ang pagbabago sa sistema ngunit ang paglaban ay sa pamamagitan din ng pagbubuo ng mga sekta sa iba pang panig ng Pilipinas. Ang Kapisanan Makabola Makasinag na binubuo ng 12,000 Kasapi ay itinatag ni Pedro Kabola at ang Kapatiran Tangulang Malayang Mamamayan na may 40,000 kasapi ay naglayon nman ng liberasyon ng Pilipinas sa tulong ng mga Hapones.


**Ang Kapisanang Sakdalista**

Ang Kapisanang Sakdalista ay itinatag ni Benigno Ramos noong 1933. Nag-alsa rin ito dahil sa mga kahirapang dinaranas ng mga kasaping magsasaka. Malaki ang kanilang hinanakit sa hindi pagdinig ng pamahalaan sa kanilang mga adhikain at layunin ukol sa pagsasaka. Nag-alsa ang kapisanan noong Mayo 2-3,1935 at sinugod ang mga gusali ng pamahalaan. Sila'y napigil sa kanilang pag-aalsa ng Konstabularya ng Pilipinas ngunit nag-iwan ng 100 kataong patay. Tumakas si Benigno Ramos at nanirahan sa bansang Hapon.

Ang usapin tungkol lupa ay nagpatuloy hanggang sa huling bahagi ng pamamahala ng mga Amerikano at sa panahon ng pamahalaang Komonwelt. Ang Partidong Sosyalista at Komunista ay mga prominenteng grupo na humingi ng pagbabago sa pamumuhay ng mga magsasakang walang sariling lupa at naghihirap. Nagkaroon ng mga madugong paglalaban ang mga kasapi ng kapisanan at ang Konstabularya ng Pilipinas. Nabigyang pansin lamang ang paghahanap ng solusyon sa isyung ito sa panahon ng Pamahalaang Komonwelt ni Pangulong Manuel L. Quezon. Inilunsad ang Programa ukol sa Panlipunang Hustisya o *Social Justice* upang ayusin ang rentang ipinapataw sa mga lupang sakahan. Batay sa mga pag-aaral hindi naging matagumpay ang programang ito dahil sa pagtutol ng mga may-ari ng lupa sa halip ay ipinagtibay ang *"Rice Share Tenancy Act"* na nagbigay ng garantiya sa malaking kita at tubo para sa mga kasama sa pagsasaka.

Ang paglaganap ng mga nasabing Mesianikong kapisanan, kung ating susuriin ay may kaugnayan sa paniniwalang tradisyunal o pananampalatayang

animismo ng mga Pilipino na naging gabay sa paghahangad ng mga Pilipino ng liberasyon mula sa mga mananakop sa ating bansa. Batay sa mga mananalaysay, ang mga pinuno ng mga kilusang ito'y gumamit ng mga agimat upang maging sandata nila sa kanilang paglaban at upang di tablan ng punglo na gamit ng mga mananakop.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Bilugan kung alin sa mga sumusunod ang di kabilang sa kapisanang Mesianiko.

| | |
|---|---|
| Iglesia Filipina Independiente | Colorum |
| Kapisanan Makabola Makasinag | Sakdalista |
| Kataastaasang Katipunan ng mga Anak ng Bayan | Babaylan ng bayan |
| Kapatiran Tangulang Malayang Mamamayan | Kababaihang Malolos |
| Confradia ni San Lucas | Kapisanang Sosyalista |



**Tandaan Mo!**

- Nagpatuloy ang mga tradisyunal na pag-aalsa sa mga lalawigan na mayroong Mesianikong pananaw sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano.
- Ilan sa mga halimbawa ng mga Mesianikong kapisanan ay ang Sektang Colorum, Kapisanan Makabola Makasinag, Grupong Sakdalista at mga sektang itinatag nina Florencio Entrencherado at Tayug.
- Ang kapisanang Sosyalista at Komunista ay mga pangkat na nagpatuloy ng paglaban sa mga patakarang dayuhan na naging dahilan ng kahirapan ng mga magsasaka lalung-lalo na sa isyung pansakahan.
- Nabigkis ng paniniwalang animismo at paghahangad ng liberasyon ang mga kapisanang Mesianiko sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano



**Gawain 3: Paglalapat**

Sa iyong sariling kuru-kuro, sang-ayon ka ba sa pagtatatag ng mga Kilusang Mesianiko nang panahon ng Amerikano? Naging mabisa ba itong paraan sa paglaban sa pamahalaang Amerikano? Bakit?

## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

- Ang Tratado sa Paris ang nagbigay ng batayan sa pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas. Ito ang naging legal na dahilan ng pagtatatag ng pamamahalang Amerikano sa Pilipinas.
- Nagpatupad ang mga Amerikano ng mga bagong patakaran at batas na nagdulot sa mga Pilipino ng pagbabago sa mga sistemang pangkabuhayan, pampulitika at panlipunan.
- Sa pamamagitan ng mga patakarang pangkalakalan ay malayong nagamit ng Estados Unidos ang likas na yaman at hilaw na materyales ng Pilipinas.
- Ang pampublikong edukasyon at pagpapadala ng mga pensionadong Pilipino ay nagbuo ng maka-Amerikanong ideolohiya at kaisipan sa mga Pilipino.
- Ang mga mapaniil na patakarang ipinatupad ng mga Amerikano ay nagdulot ng mga kahirapan sa naging daan upang magkaroon ng mga pag-aalsa ang mga Mesianikong Pilipino. Ang nasabing mga pag-aalsa ay nagsanib sa ating pananampalatayang tradisyunal at paghahangad ng liberasyon mula sa mga dayuhang mananakop.



**PANGHULING PAGSUSULIT**:

Sagutin ng Tama o Mali ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang.

__________1. Ang kampanya sa pasipikasyon ng mga Amerikano ay idinaos sa mga paaralan.

__________2. Ang tunay na interes ng mga Amerikano sa Pilipinas ay magamit ng malaya ang mga likas na yaman at hilaw na materyales nito.

__________3. Ang mga kalsada sa kabundukan ng Cordillera ay ginawa ng mga Amerikano dahil sa kanilang interes sa pagmimina.

__________4. Tanging mayayamang Pilipino lamang ang makapagmamay-ari ng malalaking lupain sa sistemang *homestead.*

__________5. Pamahalaang Sibil ang unang pamahalaang itinatag ng mga Amerikano sa Pilipinas.

__________6. Ang wikang Ingles ay humubog sa isipan ng mga Pilipino upang maging malikhain at asertibo sa kanilang naisin.

__________7. Relihiyon ang pangunahing kontribusyon ng mga Amerikano sa Pilipinas.

__________8. Ang patakaran sa malayang kalakalan ay nagpataas ng ating kita sa kalakal.

__________9. Ang paaralan ay naging mabisang institusyon sa pagpapalawak ng kulturang Amerikano.

__________10. Nagdulot ng pantay na pagyaman ng mga Pilipino ang mga patakarang pangkabuhayang ipinatupad ng mga Amerikano.

__________11. Ang patakarang Benebolenteng Asimilasyon ay isang pagbabalat kayo ng mga Amerikano sa pagnanais nilang masakop ang Pilipinas.

__________12. Ang Sektang Kolorum ay naging bahagi ng pag-aalsa ng mga Pilipino laban sa mga mananakop na Amerikano.

__________13. Ang Unang Komisyon ng Pilipinas ay pinamunuan ni William Schurman.

__________14. Ang Ikalawang Komisyon ng Pilipinas ay pinagkalooban ng

karagdagang kapangyarihang pang-lehislatura ng Kongreso ng Amerika.

__________15. Ang Batas sa Brigansiya ay ipinatupad upang sugpuin ang mga pag-aalsa ng mga rebolusyonaryong Pilipino.

__________16. Si Makario Sakay ay isang bandidong Pilipino.

__________17. Mas maraming mabuting aspekto ang mga patakarang ipinatupad ng mga Amerikano sa Pilipinas kaysa sa mga hindi mabuti.

__________18. Ang Pilipinisasyon ay nakatulong sa paghahanda ng mga Pilipino sa paghawak ng mga mahahalagang posisyon sa Pamahalaan.

__________19. Ang mga Pilipinong ilustrado ay naging mabisang instrumento sa pagtataguyod ng patakarang Pilipinisasyon.

__________20. Ang kauna-unahang *organic act* na ipinatupad sa Pilipinas ay ang *Jones Law.*

__________21. Si Gobernador Elwell Otis ang naging daan sa pagbili ng mga lupain ng mga Prayleng Kastila na ipinamahagi sa mga magsasakang Pilipino.

__________22. Ang mga *Thomasites* ang mga unang gurong Amerikano sa Pilipinas.

__________23. Ang paglawak ng ruta ng tren ay nakasagabal sa pagpapaunlad ng kalakalan sa iba't ibang lalawigan sa Pilipinas.

__________24.Nagpatuloy ang mga tradisyunal na pag-aalsa sa mga lalawigan na mayroong Mesianikong pananaw sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano.

__________25. Naging gabay ang paniniwalang animismo sa ginawang mga pakikipaglaban ng mga kilusang Mesianiko.



## GABAY SA PAGWAWASTO

**Panimulang Pagsusulit**

A

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Mali
6. Tama
7. Tama
8. Tama
9. Tama
10. Mali

B

a. 15
b. 5
c. 11
d. 9
e. 4
f. 6
g. 14
h. 10
i. 12
j. 13
k. 1
l. 2
m. 3
n. 8
o. 7

### ARALIN 1 ANG PUTOK NA NAGPASIKLAB NG ALITAN SA PAGITAN NG MGA PILIPINO AT AMERIKANO

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**
Nalulungkot dahil nagpapakita ng mga Pilipinong napatay sa labanan sa unang yugto ng pananakop ng mga Amerikano.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**
Nagulat dahil napatunayan na naging mabagsik ang pamamaraan ng pananakop ng mga Amerikano.

**Gawain 3: Paglalapat**

| Mga Lugar na Pinangyarihan ng Labanan | Mga Heneral na Pilipino at Amerikano na nagkaroon ng kaugnayan sa Digmaang Pilipino-Amerikano |
|---|---|
| La Loma, Quezon City | Heneral Elwell Otis |
| Maypajo, Caloocan | Heneral Elwell Otis |
| Daang Azcarraga, Maynila | Heneral Elwell Otis |
| Polo, Bulacan | Hen. Lloyd Wheaton; Lt. Col. Harry Egbert |
| Quingua (Plaridel), Bulacan | Hen. Gregorio del Pilar; Maj. Franklin Bell; Col. John Miller Stotsenberg |
| San Mateo, Rizal | Hen. Henry Lawton; Hen. Licerio Geronimo |
| Cabanatuan, Nueva Ecija | Hen. Antonio Luna |

**ARALIN 2 ANG PAGHADLANG SA NASYONALISMONG PILIPINO**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**
Si Apolinario Mabini, naging tagapayo ni Pangulong Aguinaldo at kabilang sa mga Irreconcilables o di naniniwala na totoong nakikipagkaibigan at tutulong ang mga Amerikano sa mga Pilipino.

**ARALIN 3 PILIPINISASYON TUNGO SA PAMAHALAANG NAGSASARILI**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**
_____Reorganisasyon ng Pamahalaang Munisipal
_____Pagbibigay ng libreng sekundaryang edukasyon
_____Pagbibigay diin sa paggamit ng wikang Ingles sa komunikasyon
_____Pagbili ng mga lupaing dating pag-aari ng mga prayle
_____Pagbubukas ng ating mga pamilihan sa produktong Amerikano

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

| | | |
|---|---|---|
| Trinidad Pardo de Tavera | Benito Legarda | Cayetano Arellano |
| Florentino Torres | Gregorio Araneta | Rafael Palma |
| | Juan Sumulong | |

**Gawain 3: Paglalapat**
Ang Sistemang Pilipinisasyon ay nagbigay ng pagkakataon upang makilahok ang mga Pilipino sa pamamahala ng mga Amerikano sa Pilipinas.

**ARALIN 4 MGA PATAKARAN AT PAGBABAGONG PANGKABUHAYAN**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**
Asukal, abaka, niyog, langis, kopra

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**A.** Naging depende o lubusang sumandal sa industriya at pamumuhunan ng mga Amerikano ang mga industriya sa Pilipinas.

**B.** Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang sa patlang.

____3__1. Batas Underwood - Simmons
____1__2. Batas Payne-Aldrich
____5__3. Parity Rights
____2__4. Pagpasok ng 60.9 milyong piso bilang halaga ng kita sa Estados Unidos
____4__5. Pagpasok ng 198.9 milyong pisong halaga ng kita sa Estados Unidos

**ARALIN 5 MGA PANLIPUNANG PAGBABAGO**

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**A.**

- Ang mga panlipunang pagbabago na ipinakilala ng mga Amerikano sa Pilipinas

**B.**

- 1. b
  2. c
  3. e
  4. d
  5. a

**ARALIN 6 MGA KILUSANG MESIANIKO LABAN SA MGA AMERIKANO**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

- Ito'y nauukol sa mga paniniwalang tradisyunal o pananampalatayang animismo.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

- Iglesia Filipina Independiente
  Kataastaasang Katipunan ng mga Anak ng Bayan
  Confradia ni San Lucas
  Babaylan ng Bayan
  Kababaihang Malolos

**PANGHULING PAGSUSULIT**

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Mali
6. Mali
7. Mali
8. Tama
9. Tama
10. Mali
11. Tama
12. Tama
13. Tama
14. Tama
15. Tama
16. Mali
17. Mali
18. Tama
19. Tama
20. Mali
21. Mali
22. Mali
23. Mali
24. Tama
25. Tama